# Oktubre 2023

# Panukalang Pagbabago sa Serbisyo

PEOPLE MOVER

Anchor RIDES

BINAGO 5/17/23

Madalas na binabago ng Tanggapan ng Pampublikong Transportasyon ang mga ruta at serbisyo para makilala ang mga pagbabago sa pattern ng pagbiyahe, paghusayin ang nasa tamang oras na pagganap at upang mapaglingkuran kayong mabuti. Nauunawaan namin na ang mga pagbabago sa aming serbisyo ay maaaring makaapekto sa inyong pagbiyahe at gusto naming marinig ang inyong opinyon.

**Ang mga komento ay tatanggapin hanggang Hunyo 9, 2023, sa ganap na 5 pm.**

Para magkomento sa panukalang mga pagbabago, hinihimok kayo na dumalo sa isa sa mga sumusunod na **aktuwal o virtual na mga pagpupulong**:

Hunyo 5, 2023, 5:30 - 7:00 pm
Loussac Library (Beluga Room), 3600 Denali St.

Hunyo 6, 2023, 11:30 am - 1:00 pm
Muldoon Library, 1251 Muldoon Rd.

Hunyo 7, 2023, 3:30 - 5:00 pm
Mountain View Library, 120 Bragaw St.

Hunyo 8, 2023, 11:30 am - 1:00 pm
Dimond Center, Suite 3-204, 2nd Floor - Katabi ng Habitat Housewares

Hunyo 8, 2023, 5:30 - 7:00 pm
Public Transit Advisory Board, Virtual Public Open House
https://tinyurl.com/y9kepe3d
Meeting ID: 264 422 665 232
Passcode: Ye6pb4

Hunyo 9, 2023, 5:30 - 7:00 pm
Eagle River Library (MOA Conference Room 170),
12001 Business Blvd.

| | |
|---|---|
| **Higit pang mga Detalye:** | www.peoplemover.org |
| **I-email ang inyong mga Puna:** | transitplanning@muni.org |
| **Ipadala ang Sulat ng Puna sa:** | Transit Planning, P.O. Box 196650, Anchorage, AK 99519 |
| **Makipag-usap sa isang tao:** | 907-343-6543 |
| **Bumisita sa:** | Customer Service, 517 W 7th Ave., Ste. 200 |

Ang mga pagbabagong ito ay ipinanukala para sa implementasyon sa Oktubre 2, 2023. Anumang karagdagang mga pagbabago batay sa mga pampublikong komento ay ipapaskil online sa peoplemover.org. Ang final na mga iskedyul ay ipapaskil 30 araw bago ang implementasyon.

I-scan ang QR code sa ibaba para sa higit pang impormasyon.

# Buod na Talahanayan ng mga Pagbabago sa Serbisyo

| | Pagbabago ng Iskedyul (Oras ng pagbiyahe at Pagiging maaasahan ng serbisyo) | | Dalas ng Serbisyo | | Tagal ng Serbisyo | | Linya ng Ruta | | Pinagsama kabilang ang Ibang Ruta | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | L-B | S-L | L-B | S-L | L-B | S-L | L-B | S-L | L-B | S-L |
| **Ruta 10: Northern Lights** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 11: Gov Hill / Fairview** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 20: Mountain View** | ● | ● | | | | | ● | ● | | |
| **Ruta 21: Mt. View / Northway** | ● | ● | | | | | ● | ● | ● | ● |
| **Ruta 25: Tudor** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 30: Debarr** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 31: Northeast** | ● | ● | | | | | ● | ● | ● | ● |
| **Ruta 35: Arctic** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 40: Spenard / Airport** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 41: Government Hill** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 55: Lake Otis** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 65: Jewel Lake** | ● | ● | | | | | | | | |
| **Ruta 85: Old Seward / West Anc** | ● | ● | | | | | ● | ● | ● | ● |
| **Ruta 91: Huffman** | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● | ● |
| **Ruta 92: Eagle River** | ● | N/A | | | | | ● | ● | | |

● Binago L-B : Lunes - Biyernes S-L : Sabado- Linggo **Petsa ng Umpisa: 10/2/23**

## Mga Kahulungan

| | |
|---|---|
| **Linya ng Ruta** | Ang daan na tinatahak ng mga bus |
| **Dalas ng serbisyo** | Gaano kadalas dumadaan ng bus sa isang partikular na ruta |
| **Pagiging maaasahan ng serbisyo** | Ang kakayahan ng mga bus na gawing tuloy-tuloy ang kanilang serbisyo. |
| **Tagal ng serbisyo** | Ang oras simula nang mag-umpisa ang serbisyo sa umaga hanggang matapos ito sa gabi. |
| **Oras ng pagbiyahe** | Ang oras na itinatagal ng isang bus sa pagbiyahe mula sa isang hintuan hanggang sa susunod. |

# Buod ng Panukalang Mga Pagbabago sa Serbisyo

## Lahat ng Ruta

Ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng biyahe ay susuriin at iaangkop bilang bahagi ng pagbabago sa serbisyong ito para pahusayin ang nasa tamang oras na pagganap at mga oportunidad ng paglilipat. Ang mga bagong oras ng biyahe at talahanayan ng oras ay magiging available 30 araw bago ang Oktubre 2, 2023.

## 20 Mountain View / UMED

Ipinapanukala namin ang pagtutuwid ng linya ng ruta na manatili sa Bragaw Street. Sa kasalukuyan, ang Ruta 20 ay isinara sa Bragaw Street at nagseserbisyo sa Northway Drive. Ipinapanukala na panatilihin ang Ruta 20 sa Bragaw Street sa pagitan ng Debarr Road at Penland Parkway. Magpapahusay ito sa tamang oras na pagdating at mas mabilis na makakarating ang mga biyahero sa kanilang destinasyon. Karagdagan pa, tatanggalin nito ang likuan na tinukoy ng mga operator ng bus na peligroso sa Penland  Parkway.

Seserbisyuhan ang Northway Drive ng ipinanukalang pagbabago ng linya ng Ruta 31.

## 21 Mountain View / Northway & 31 Northeast

Ipinapanukala namin ang pagsasama ng mga rutang ito para magbigay ng direktang serbisyo sa pagitan ng Muldoon at Mountain View. Dahil maraming tindahan ang nagsara sa Northway Mall, hindi kapaki-pakinabang ang ruta hindi gaya ng dati. Hindi na magseserbisyo sa 4$^{th}$ Avenue, 7$^{th}$ Avenue, at Klevin Street sa pagitan ng Bragaw at Pine Street. Ang pinaka-abalang hintuan sa kahabaan ng rutang ito ay karaniwang hindi lalampas sa tatlong (3) tao na sumasakay kada araw. Ang paglalakad sa Pineor Bragaw Street ay hindi lalampas ng ¼ na milya. Magpapalit din ito ng serbisyo mula sa Bragaw Street patungo sa Northway Drive sa pagitan ng Penland Parkway at San Jeronimo Drive. Tatakbo pa rin ang ruta sa pakanang direksyon sa silangan ng PineStreet.

Ipinapanukala rin na ang umpisa/dulo ng ruta ay sa Glenn Square sa halip na sa Northway Mall.

## 40 Spenard / Airport

Ipinapanukala na ang umpisa at dulo ng rutang ito ay sa Ted Stevens Anchorage International Airport. Sa kasalukuyan, nag-uumpisa at nagtatapos ito sa Downtown Transit Center. Mas magiging maayos ang paglipat sa pagitan ng mga Ruta 65 at 40.

## 85 Old Seward / West Anchorage & 91 Huffman

Ipinapanukala namin ang pagsasama ng mga rutang ito para magbigay ng buong araw at buong sabado’t linggo na serbisyo sa mga lugar na nasa timog ng Diamond Boulevard sa Old Seward Highway. Isasara ang ruta sa Huffman Business Park. Ang umiiral na bahagi ng Ruta 91 na umaabot sa timog ng Huffman Road hanggang sa Oceanview Drive ay ihihinto na dahil sa kakaunting pasahero. Walang hintuan sa kahabaang ito ang sumasakay kada araw na mahigit sa isang (1) tao.

Ang panukalang pinagsamang ruta ay magkakaroon ng serbisyo kada 60 minuto, pitong araw kada linggo.

Sa kasalukuyan, Ruta 91 lamang ang may Serbisyo mula Lunes – Biyernes sa mga oras ng pagpasok at pag-uwi mula sa trabaho. Ang mga pagpapahusay sa serbisyo sa South Anchorage ay tinukoy bilang mga prayoridad bilang 2 at 11 para sa mga pasahero sa Transit on the Move (TOTM)at patuloy na mataas ang ranggo sa tatlong taon na Rider Survey feedback.

## 92 Eagle River

Sa Anchorage: Ipinapanukala namin na ihinto ang serbisyo sa mga hintuan ng Boniface Parkway Interchange at serbisyo sa Boundary Avenue. Ang mga hintuan na ito ay hindi lalampas sa isang (1) tao ang sumasakay kada araw. Sa halip, ipinapanukala namin na serbisyuhan ang VA Clinic at Tikahtnu Commons sa Muldoon Road sa hilaga ng Glenn Highway. Magbibigay din ito ng oportunidad ng paglipat sa Ruta 25.

Sa Eagle River: Ipinapanukala namin ang bagong linya para serbisyuhan sa Hesterberg Road Park at Ride lot sa Eagle River Loop/Hiland Road freeway exit (malapit sa Glenn Highway on-ramp). Palalawakin nito ang ruta patungo sa mga lugar na hindi gaanong naseserbisyuhan sa Eagle River na may kaunting dagdag sa oras ng pagbiyahe at kinilala bilang prayoridad numero 10 sa TOTM (Project P).


## AnchorRIDES

Ang pangunahing lugar na siniserbisyuhan ay dudugtungan patungong timog sa tapat ng Old Seward Highway sa pagitan ng Dimond Boulevard at Huffman Road para tumugma sa ipinanukalang pagdurugtong ng Ruta 85.


# 20 Mountain View / UMED




# 21 Mountain View / Northway & 31 Northeast



# 85 Old Seward / West Anchorage & 91 Huffman



# 92 Eagle River



# 92 Eagle River Continued

